# Dasal para sa Kaluluwa

Kailangan nating magdasal para sa kaluluwa ng taong naghihingi ng tulong sa atin. Ang spirito ng taong namatay ay nasa ibang mundo at ang kanyang kaluluwa ay nandito sa mundo ng tao. Ang kaluluwa ng tao ang naghihingi ng tulong para siya ang magdala ng tulong na yun sa kanyang spirito sa ibang mundo, saan man nakalagay ang spirito na yun. Iba iba ang lugar na pinaglagyan ng mga spirito depende sa kanilang kabutihan o kasamaan at kung nagmisyon sila o hindi.

Ang dasal para sa kaluluwa ay nagtutulong sa mga kaluluwa ng mga tao na nalagay sa hindi masyadong magandang lugar sa ibang mundo. Ang kaluluwa ang bibigyan natin ng liwanag sa pamamagitan ng dasal at kandila para sila ay magdala ng liwanag na ito sa kanilang mga spirito sa ibang mundo. Ang liwanag na ito ay magdudulot ng mas magandang buhay para sa kanila.

Ganito ang pamamaraan ng dasal para sa kaluluwa:

**Pareho lang din sa Gabay sa Araw-Araw na Pagdarasal sa Pagpapalakas na bahagi.**

Pero bukod pa ang dasal sa perlas sa dasal sa kaluluwa.

Unahin mo pagpakain sa mga perlas, orasyon at iba pang mahiwagang gamit. Tapos pagkatapos na hipan mo lahat ng gamit mo, saka mo idasal sa Dasal para sa Kaluluwa.

Una, magsindi ka ng kandila. Mas maganda sana ay kada kandila ay isang kaluluwa kung maaari.

Mas maganda ay makuha mo ang pangalan at birthday nila kung ipapanaginip o ipakita nila sa inyo sa meditation. Tapos isulat mo mga pangalan at birthday nila na ilalagay sa altar at babanggitin mo yan kada beses na magdasal ka para sa kaluluwa.

**Tapos idasal mo:**

- 3 Ama Namin
- 3 Aba Ginoong Maria
- 3 Luwalhati

I-alay natin ito sa mga kaluluwang naghihingi ng tulong kada gabi. Pagkatapos ng lahat ng mga dasal mo sa gabing yun, patayin mo ang liwanag ng kandila.

Magpatuloy ka lang sa pagdasal sa ganitong paraan para matulungan ang mga kaluluwang naghihingi sa yo ng tulong.

———

Kung gusto mo mas matulungan sila at may budget ka, pwede kang magparitual sa amin ng *Ritual para sa Kaluluwa*. Ito ay lalo na kung nagbibigay sila ng sakit o malas sa inyo at kamag-anak niyo sila na may malaking sumpa o karmang dala.

Kahit na hindi kamag-anak na may sumpang dala, pwedeng magparitual pa rin kayo sa mga naghingi ng tulong para mas mabigyan ang mga kaluluwa ng kaginhawaan sa kanilang sitwasyon sa spirito nila sa ibang mundo. Kung gusto niyo ng detalye, click niyo ang link:

https://ericroxas.com/ritualkaluluwa

Salamat po at God bless!